



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

PAALISIN SILA SA DAAN NA IYON

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Sabi ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam “Kung sinoman ang magsasabi na galing sa akin ang isang salita kahit na hindi totoo na galing ito sa akin, maghanda na siya sa kanyang lugar sa impiyerno.” Bakit ito sinabi ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam? Ito’y para mag-ingat ang tao na wag masira ang pangalan ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ito’y pag-iingat din mula sa mga taong gustong sumira ng islam.

Napaliwanag na ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ang lahat. Sa kanyang huling khutba kanyang sinabi na: Bawal ang dugo ng Muslim sa mga muslim, ang pagmamay-ari niya, karangalan, ito’y di niyo dapat galawin. Bigyan mo ito ng respeto dahil ito’y pagmamay-ari ng kapatid mong muslim.

Ang di makakagawa nito ay malayo sa mga Muslim at Islam. Tatanungin siya ng Allah sa Qiyamah. Maniwala dapat ang mga tao sa Qiyamah. Walang di nailista na. Bakit natin ito sinasabi? Ito’y dahil sa mga fitna ngayon. Nilalagyan nila ng kasinungalingan ang Propeta Muhammad alayhis salatu was salam, gumagawa sila ng mga salita.

Hindi madali ang magbigay ng salita o hadith mula sa Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Kailangan mo muna magkaroon ng Ijaza(pahintulot) at Sanad na umaabot papunta sa Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Kahit ang mga silang may Ijaza at Sanad ay maingat pa rin sa pagsasalita. Walang labis at kulang mula sa Hadith ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ang kanilang sinasabi.

Marami pa ring naloloko ng mga Dajjal na lumalabas sa huling araw dito sa atin. Anong klaseng tao ang Dajjal? Lahat ng masasamang lalaki, babae at tao ay sasama sa kanya.

1. Fitna of July 15th, 2016 military coup attempt in Turkey
2. Claims by FETO of receiving instructions from our Holy Prophet (SAW) in dreams

Darating siya(Dajjal) na may dalang paraiso at impiyerno . Kanyang sasabihin na kung ako’y tatanggapin mo dito ka sa Paraiso. Kapag tinanggap mo iyo ia’y mapupunta sa



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Impiyerno ng Allah. Kapag siya'y di mo tinanggap, mapupunta ka sa Paraiso ng Allah. Ang mukhang paraiso ni Dajjal ay Impiyerno.

Kaya gumising na dapat ang mga tao, iligtas nila ang kanilang Mundo at Akhira. Alam na natin ang Halal at Haram, ang Mabuti at ang Masama. Binigyan tayo ng Allah ng Utak. Magiging kasalanan nila kung wala silang gagawin. Gisingin niyo na ang mga Tao at magTawba dahil malaking Fitna ang dumating. Huling mga araw. Puno na ng Fitna at tayo'y dapat mag-ingat.

Una sa lahat, wag mo silang ipasunod sa mga taong walang Ijaza o Sanad. Mag-aral at maghanap sila ng mabuti. Ipapakita ng Puso nila ang tamang daan na dapat nilang sundin. Malaking fitna ang dumating, sadyang napakatigas ng ulo ng mga tao. Itong pagkatigas ng Ulo ay katangian ng Shaytan. Kanyang sinabi dati na di siya magsusujud at kahit ngayon di niya parin ginagawa.

Kaya mag-ingat, wala kang makukuhang kasalanan sa pag-alis sa maling daan. Sakatunayan ay makukuha mo pa ang biyaya at pagmamahal ng Allah pag umalis ka doon. Kapag ika'y nagbalik loob sa Allah at humingi ng katawaran, isusulat iyon bilang kabutihan at biyaya. Papatawarin ka niya sa ginawa mo kahit ito'y wala sa iyong kamalayan. Ngunit pag nagpumilit ka sa ganoong masamang daan darating ang parusa mo. Nawa'y bigyan sila ng Pag-iisip at Katalinuhan ng Allah. Wala na tayong ibang sasabihin. Nawa'y di tayo ilayo ng Allah sa tamang daan In Sha Allah.

Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
28 July 2016/24 Shawwal 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah